Para sa Nangungupahan *((Mga) Pangalan)*: ____________________

Address ng Nangungupahan: ________________________________

# Labing-apat na Araw na Abiso para Magbayad ng Upa o Lumisan sa Gusali

Natanggap mo ang abisong ito dahil sinasabi ng iyong landlord na hindi ka nakakasunod sa mga tuntunin ng iyong kasunduan sa pagpapaupa sa pamamagitan ng hindi pagbabayad ng mga sumusunod na singil sa upa, mga utility, at/o paulit-ulit o pana-panahong singil na lagpas na sa takdang petsa.

| **Ano ang dapat bayaran? Para sa aling mga buwan?** (lagyan ng tsek ang lahat ng nalalapat) | **Halaga sa dolyar** |
|---|---|
| ☐ Buwanang upa para sa (ilista ang (mga) buwan): | $ |
| ☐ Mga Utility para sa (ilista ang (mga) buwan): | $ |
| ☐ Iba pang paulit-ulit o pana-panahong singil na natukoy sa pagpapaupa para sa __________ (ilista ang (mga) buwan): | $ |
| **Kabuuang Halagang Dapat Bayaran** | **$** |
| **Dapat ninyong bayaran ang kabuoang halaga o bakantehin ang lugar bago lumipas ang (14 na araw matapos ihain ang abisong ito): _____** | |

## Deadline!

Dapat mong bayaran ang kabuuang halagang dapat bayaran sa iyong landlord sa loob ng **labing-apat (14) na araw** matapos ibigay ang abisong ito, o kakailanganin mong lisanin ang gusali.

Dapat na mailapat muna sa kabuuang halagang dapat bayaran ang anumang halagang ibinayad mo sa landlord tulad ng ipinakita sa abisong ito.

Maaaring magresulta sa isang hudisyal na paglilitis ang anumang kabiguan sa pagsunod sa abisong ito sa loob ng labing-apat (14) na araw matapos ang pagbibigay ng abisong ito, na hahantong sa pagpapaalis sa iyo mula sa gusali.

## Paano magbayad

Maaari mong gamitin ang anumang paraan ng pagbabayad na pinapayagan sa iyong kasunduan sa pag-upa. O kaya, maaari kang gumamit ng hawak na salapi, cashier's checl, money order, o iba pang mga sertipikadong pondo.

## Tulong sa upa at pagsasalin ng wika

Ginawang available ng Office of the Attorney General (Tanggapan ng Abogado Heneral) ng estado ng Washington ang abisong ito sa iba't ibang wika, pati na rin ang impormasyon sa mga available na mapagkukunan, para matulungan kang magbayad ng iyong upa, kabilang ang mga pang-estado at lokal na programa sa tulong sa upa, sa website nito sa atg.wa.gov/landlord-tenant.

Binibigyan ka rin ng batas ng estado ng karapatang makatanggap ng mga serbisyo sa pagsasalin sa korte.

## Legal na tulong

Binibigyan ka ng batas ng estado ng karapatan sa legal na pangangatawan at maaaring magtalaga ang korte ng abogado upang kumatawan sa iyo nang walang bayad kung ikaw ay isang kwalipikadong nangungupahang may mababang kita.

Kung naniniwala kang isa kang kwalipikadong nangungupahang may mababang kita at gusto mo ng abogadong maitatalaga upang kumatawan sa iyo, mangyaring makipag-ugnayan sa:

- **Eviction Defense Screening Line (Linya para sa Screening ng Pagtatanggol sa Pagpapatalsik)** 855-657-8387
- Mag-apply online: nwjustice.org/apply-online

## Iba pang mga mapagkukunan

- Tumawag sa 2-1-1
- CLEAR Hotline ng Northwest Justice Project sa labas ng King County: 888-201-1014, Lunes hanggang Biyernes 9:15 a.m. – 12:15 p.m., o para sa nakakatandang may edad na 60 pataas: 888-387-7111
- Makakakita ka ng karagdagang impormasyong makakatulong sa iyo sa washingtonlawhelp.org

## Resolusyon sa hindi pagkakasundo

Available din ang mga libre o murang serbisyo para matulungan ka sa mga hindi pagkakasundo sa hindi pagbabayad ng upa bago mangyari ang anumang hudisyal na paglilitis sa mga sentro para sa resolusyon sa hindi pagkakasundo sa buong estado.

Makikita mo ang pinakamalapit na sentro para sa resolusyon sa hindi pagkakasundo sa resolutionwa.org.

Pipirmahan ng May-ari/Landlord ▶ ____________________________ Petsa: ____________________________

**Kung saan babayaran ang kabuuang halagang dapat bayaran:** Pangalan ng May-ari/Landlord: ______________

Address: ____________________________________________________________